# MANIPESTO 2000

## PARA SA KULTURA NG KAPAYAPAAN AT KAWALANG KARAHASAN

*Maaring isang bagong simula ang taong 2000 para sa ating lahat. Kung sama-sama tayo, kaya nating baguhin ang kultura ng digmaan at karahasan at gawin itong kultura ng kapayapaan at kawalang-karahasan. Dito, kailangang lumahok ang lahat. Makapagbibigay ito sa mga kabataan at sa mga sumusunod na henerasyon ng mga halagahang makapupukaw sa kanilang damdamin upang humubog ng mundong puno ng dignidad at pagkakasundo, isang mundong may hustisya, pagkakaisa, kalayaan at kasaganaan. Sa pamamagitan ng kultura at kapayapaan, nagkakaroon ng likas-kayang pag-unlad, napangangalagaan ang kaligiran at ang personal na kaganapan ng bawat tao.*

Bilang pagkilala sa aking responsibilidad para sa kinabukasan ng sangkatauhan, lalong-lalo na para sa kabataan ngayon at sa mga susunod na henerasyon, ipinangangako ko – sa aking pang-araw-araw na buhay, sa aking pamilya, sa aking hanapbuhay, sa aking komunidad, sa aking bayan at sa aking rehiyon – na:

1. **igagalang ang buhay** at dignidad ng bawat tao nang walang diskriminasyon o prehuwisyo;
2. **aktibong isasakatuparan ang kawalang-karahasan**, iwawaksi ang lahat ng uri ng karahasan: pisikal, seksuwal, sikolohikal, ekonomikal at sosyal, lalong-lalo na ang mga higit na pinagkaitan at higit na mahina tulad ng mga bata at mga nasa kasibulan;
3. **ibabahagi ang aking panahon at mga materyal na kayamanan** para sa diwa ng pagbibigayan upang wakasan ang pagkakaniya-kaniya, kawalan ng hustisya at paninikil na pampolitika at pang-ekonomiko.
4. **ipagtatanggol ang kalayaan sa pagpapahayag at pagkakaiba-iba ng kultura**, laging higit na kikilingan ang pag-uusap at pakikinig sa halip na panatisismo, paninirang-puri at tahasang pagtanggi sa iba;
5. **itataguyod ang responsableng ugali ng isang mamimili** at mga kaugaliang makapagpapaunlad na gumagalang sa lahat ng uri ng buhay at nangangalaga sa balanse ng kalikasan sa planetang ito;
6. **mag-aambag sa kaunlaran ng aking komunidad**, na may ganap na pakikilahok ng kababaihan at paggalang sa mga panuntunan ng demokrasya, upang sama-samang makalikha ng mga makabagong uri ng pagkakaisa